Republic of the Philippines
**CITY OF SANTA ROSA**
Province of Laguna

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG PANLUNGSOD

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-WALONG PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG LUNGSOD NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MARTES, IKA-26 NG PEBRERO, 2008 SA GUSALING BATASAN NG PAMAHALAANG LUNGSOD.

Mga Dumalo:

| | |
|---|---|
| 1. Kgg. MANUEL G. ALIPON | - Pang. Punong-lungsod, Namuno |
| 2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE | - Kagawad |
| 3. Kgg. MYTHOR C. CENDAÑA | - Kagawad |
| 4. Kgg. MA. THERESA C. AALA | - Kagawad |
| 5. Kgg. ARNEL DC. GOMEZ | - Kagawad |
| 6. Kgg. JOSE C. CARTAÑO | - Kagawad |
| 7. Kgg. ANTONIA T. LASERNA | - Kagawad |
| 8. Kgg. ARTURO M. TIONGCO | - Kagawad |
| 9. Kgg. RONALD IAN A. DE GUZMAN | - Kagawad |
| 10. Kgg. PAULINO Y. CAMACLANG, Jr. | - Kagawad |
| 11. Kgg. RAYMOND RYAN F. CARVAJAL | - Kagawad |
| 12. Kgg. WILFREDO A. CASTRO | - Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay |

Di-Dumalo:

| | |
|---|---|
| 1. Kgg. ABIEL DOMMINIC D. ALIPON | - Kagawad, Pangulo ng Panlungsod na Pederasyon ng Sang. Kabataaan |

***************

# KAPASIYAHAN BLG. 42-2008

(Sa mungkahi ni Kgg. Aala na pinangalawahan ni Kgg. Gomez)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGKILALA SA **VISAYAS AND MINDANAO CIVIC ASSOCIATION OF SANTA ROSA LAGUNA INC. (VISMIN)** BILANG ISANG NON-GOVERNMENT ORGANIZATION SA LUNGSOD NG SANTA ROSA, LALAWIGAN NG LAGUNA.

YAYAMANG, ang Visayas and Mindanao Civic Association of Santa Rosa Laguna Inc. (VISMIN) ay nakapagsulit ng mga kinakailangang pangsuportang kasulatan/dokumento upang kilalaning lehitimong samahan na may pahatirang sulat sa Lungsod ng Santa Rosa at walang anumang dahilan o balakid upang ipagkait ang pagpapatupad ng anumang programa at gawain pangkabuhayan para sa kagalingan ng bawa't kasapi ng samahan;

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagkilala sa Visayas and Mindanao Civic Association of Santa Rosa Laguna Inc. (VISMIN) bilang isang *non-government organization* sa Lungsod ng Santa Rosa, Lalawigan ng Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay para sa Ikalawang Pagbasa at sinipi mula sa katitikan ng Ika-8 Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Panlungsod noong Ika-26 ng Pebrero, 2008.

**CYNTHIA M. GOMEZ**
Kalihim Panlungsod

PINATOTOHANAN:

**MANUEL G. ALIPON**
Pangalawang Punong-lungsod

PINAGTIBAY:

**ARLENE ARCILLAS-NAZARENO**
Punong-lungsod